

****Mga Tuntunin at Kundisyon ng Offer para sa Bagong Customer****

- Ang partikular na promotion na available sa iyo ay nakasaad sa promotional na mensahe na nagdala sa iyo sa mga tuntuning ito (ang "Naaangkop na Promotion"). Para maging kwalipikado para sa Naaangkop na Promotion, dapat kang mag-sign up sa unang pagkakataon sa pamamagitan ng screen na nauugnay sa promotion na nag-link sa iyo sa mga tuntuning ito at matagumpay na makakumpleto ng isa o higit pang transfer sa Panahon ng Promotion gaya sa mas detalyadong ipinapaliwanag sa Naaangkop na Promotion (ang naturang matagumpay na nakumpletong transfer ay isang "kwalipikadong transfer").

- Para maituring na "matagumpay na nakumpleto" ang isang transfer, ang transfer ay dapat na ideposito sa bank account o mobile wallet ng gusto mong recipient, maayos na naihatid sa recipient, at/o na-pick up ng recipient ang perang na-send sa isa sa aming mga partner na lokasyon (depende sa sitwasyon). Hindi itinuturing na mga "matagumpay" na transaction ang mga transaction na posibleng humantong sa pagtanggì sa bayad o chargeback.

- Available ang Naaangkop na Promotion para sa mga bagong customer lang at limitado ito sa isa (1) kada tao. Hindi kwalipikado ang mga kasalukuyang customer.

Mga Kundisyon ng Promotion Tanging ang (mga) benepisyong ipinapaliwanag sa Naaangkop na Promotion ang nalalapat sa iyo. Ang mga seksyong nauugnay sa benepisyo sa ibaba ay nagpapaliwanag ng mga kundisyon para sa maramihang promotional na benepisyo ng Remitly; mag-refer lang sa (mga) seksyong nauugnay sa benepisyo na may kaugnayan sa Naaangkop na Promotion.

Mga kundisyon para sa Special FX Rate:

- Kung kwalipikado kang makatanggap ng special foreign exchange rate sa ilalim ng Naaangkop na Promotion, direktang ilalapat ng Remitly ang special foreign exchange rate sa iyong (mga) kwalipikadong transfer hanggang sa promotion cap na nakasaad sa screen o mensahe na nauugnay sa promotion para sa Naaangkop na Promotion (ang "Promotion Cap"), at hanggang sa bilang ng (mga) kwalipikadong transfer na tinukoy para sa Naaangkop na Promotion. Kung isa kang customer sa UAE, ilalapat ng partner bank ng Remitly (nalisensya ito ng Central Bank of the United Arab Emirates) ang special foreign exchange rate.

- Kung magse-send ka nang mas mababa sa Promotion Cap para sa Naaangkop na Promotion, hindi ilalapat ang Specialesyal FX Rate sa mga susunod na transfer.

- Ang mga halagang na-send na lampas sa Promotion Cap ay ise-send gamit ang foreign exchange rate na karaniwang nalalapat sa serbisyong pinili mo noong panahong ginawa ang transaction mo.

- Puwedeng magbago paminsan-minsan ang FX rate ayon sa pagpapasya ng

Remitly.

Mga kundisyon sa 0-Fee na Transfer.

- Kung kwalipikado kang makatanggap ng 0-Fee transfer sa ilalim ng Naaangkop na Promotion, direktang ilalapat ng Remitly ang 0-Fee transfer sa iyong (mga) kwalipikadong transfer hanggang sa bilang ng (mga) kwalipikadong transfer na tinukoy para sa Naaangkop na Promotion.

- Hindi nalalapat ang (mga) 0-Fee na transfer sa mga transaction na ginawa sa pamamagitan ng mga credit card.

Mga kundisyon ng diskwento sa transfer:

- Kung kwalipikado kang makatanggap ng diskwento sa transfer sa ilalim ng Naaangkop na Promotion, direktang ilalapat ng Remitly ang diskwento sa transfer sa iyong (mga) kwalipikadong transfer hanggang sa bilang ng (mga) kwalipikadong transfer na tinukoy para sa Naaangkop na Promotion, at kung matutugunan lang ng (mga) kwalipikadong transfer ang anumang kinakailangan sa minimum na gastos.

- Pakitandaang ang halaga ng diskwento mo ay hindi bibilangin sa anumang kinakailangan sa minimum na gastos.

- Walang halagang cash at hindi maaaring i-transfer ang Naaangkop na Promotion na ito.

- Magsisimula ang Naaangkop na Promotion sa 12:00 PM (PST / PDT) nang 12:00 PM (PST / PDT) at magtatapos nang 11:59 PM (PST / PDT) sa 12:00 PM (PST / PDT) ("Panahon ng Promotion"). Ang server ng Remitly ang opisyal na orasan para sa Naaangkop na Promotion. Maaaring magbago ang lahat ng petsa. Ang mga transfer na isinumite bago o pagkalipas ng Panahon ng Promotion para sa Naaangkop na Promotion ay hindi magiging kwalipikado sa Naaangkop na Promotion.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang (a) limitahan ang bilang ng mga indibidwal kada sambahayan na kwalipikado sa Naaangkop na Promotion; at (b) diskwalipikahin ang mga transfer na sa tingin nito ay naglalayong lusutan ang mga patakaran ng Naaangkop na Promotion, o na itinuturing na mapang-abuso. Ang anumang pagtatangka ng customer na abusuhin ang Naaangkop na Promotion sa pamamagitan ng paggamit ng marami/iba't ibang pagkakakilanlan, impormasyon sa pagpaparehistro, kredensyal sa pag-log in, at/o anupamang paraan ay magreresulta sa kawalan ng kakayahan at diskwalipikasyon ng customer na matanggap ang Naaangkop na Promotion ayon sa sariling pagpapasya ng Remitly (na makatwirang kumikilos).

- Kung nararapat kang makatanggap ng anumang refund, wala kang karapatang makatanggap ng anumang halagang mas malaki sa halagang ibinayad mo para magawa ang money transfer.

- Kung pipiliin mong lumahok sa Naaangkop na Promotion, hindi ka na magiging kwalipikadong lumahok sa iba pang promotion na maaaring patakbuhan ng

Remitly at kung saan maaari kang maging kwalipikado. Pinal na ang pagpapasya mong lumahok sa Naaangkop na Promotion.

- Hindi ka magiging kwalipikado para sa Naaangkop na Promotion kapag kinansela ang o hindi sapat ang pagpopondo sa iyong transfer. Hindi magiging valid ang Naaangkop na Promotion para sa anumang transfer na kinansela mo o ng Remitly.
- Hindi ka maaaring lumahok sa Naaangkop na Promotion kung ipinagbabawal ito ng anumang naaangkop na batas, kautusan, o regulasyon.
- Nakalaan sa Remitly ang karapatang ipawalang-bisa ang anumang pag-redeem sa offer na mukhang mapanloko, nagreresulta mula sa mapanlokong transaction, o hindi sumusunod sa [Kasunduan sa User ng Remitly](<https://www.remitly.com/home/agreement>).
- Nakalaan sa Remitly ang karapatang kanselahin ang Naaangkop na Promotion anumang oras, nang may paunang abiso o wala. Kikilalanin ang anumang kwalipikadong transfer kung sinimulan ito bago ang pagkansela ng Naaangkop na Promotion.
- Mapapailalim sa [Patakaran sa Privacy ng Remitly](<https://www.remitly.com/home/policy>) ang lahat ng impormasyong kinolekta sa iyo bilang bahagi ng Naaangkop na Promotion.
- Ang iyong paglahok sa Naaangkop na Promotion ay saklaw rin ng at napapailalim din sa mga tuntunin ng [Kasunduan sa User ng Remitly](<https://www.remitly.com/home/agreement>) at sa iba pang tuntunin at abiso na ginawang available sa aming serbisyo. Mga customer sa UK/EU: Pakitingnan din ang aming [Key Service Information document](<https://www.remitly.com/home/key-service-information>) na nagbibigay ng mga detalye tungkol sa paggamit ng serbisyo ng Remitly.
- Kung at hangga't may kontrahan o salungatan sa pagitan ng mga dokumentong binanggit sa itaas at ng mga tuntuning ito, ang mga tuntuning ito ang mangingibabaw hangga't mayroong anumang naturang kontrahan o salungatan.
- May iba pang mga fee at gastusin na maaaring malapat sa iyong money transfer at inirerekomenda naming suriin mo ang mga ito sa pamamagitan ng aming serbisyo at aming [Kasunduan sa User](<https://www.remitly.com/home/agreement>).
- Kasama sa panganib ng paggamit sa aming mga serbisyo ang paiba-iba ng halaga ng mga currency na tinutukoy ng mga international na market ng pananalapi at hindi namin kontrolado. Ibig sabihin, kapag nagbayad ka sa Remitly para mag-send ng pera sa ibang currency sa isang recipient, ang halaga ng pera na maaari mong ibayad para makagawa ng money transfer sa isang araw ay posibleng iba sa halagang kailangan mo para magawa ang parehong pagbabayad sa ibang araw.
- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa US: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly, Inc ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng United States of America. Ang Remitly, Inc. ay Nilisensyahan bilang isang Money Transmitter ng New York State Department of Financial Services at sa PR (TM-143), isang Foreign Transmittal Agency sa MA, at isang

Currency Transmitter sa RI. NMLS No. 1028236.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa CA: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Canada, Inc ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng Canada.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa AU: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Australia Pty Ltd ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng Australia. Ang Remitly ay isang kumpanyang nakarehistro sa Australia.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa UK: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly U.K, Ltd ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng UK. Ang Remitly ay isang kumpanyang nakarehistro sa England at Wales na may registration number ng kumpanya na 09896841. Nakarehistrong address: 78 Cannon Street, EC4N 6AF London, England, United Kingdom. Ang Remitly ay awtorisado at pinapangasiwaan ng Financial Conduct Authority sa ilalim ng Electronic Money Regulations 2011 (reference number na 1047222) para sa probisyon ng mga serbisyo sa e-money at pagbabayad.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa EU: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Europe Limited ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng Austria, Belgium, Cyprus, Czech Republic, Denmark, Finland, France, Germany, Greece, Ireland, Italy, Liechtenstein, Lithuania, Malta, Netherlands, Norway, Poland, Portugal, Romania, Slovakia, Spain, at Sweden. Ang Remitly Europe Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, ay pinangangasiwaan ng Central Bank of Ireland. Nakarehistro ang Remitly sa Ireland sa ilalim ng company number 629909. Nakarehistrong address: Ground Floor, 1 Albert Quay, Ballintemple, Cork, T12 X8N6, Ireland.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa SG: Ang Naaangkop na Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Singapore Pte. Ltd. at ino-offer lang sa mga residente ng Singapore. REMITLY SINGAPORE PTE. LTD. (UEN: 201920838N) Ang ("Remitly") ay nilisensyahan ng Monetary Authority of Singapore para makapagbigay ng Cross-Border na Money Transfer Service bilang isang Major Payment Institution (PS20200320). Pakitandaan na hindi ito nangangahulugan na magagawa mong bawiin ang lahat ng perang ibinayad mo sa Remitly kung mabigo ang negosyo ng Remitly.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa UAE: Ang Naaangkop na Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly (DIFC) Limited at ino-offer lang sa mga residente ng UAE. Ang Remitly (DIFC) Limited ay pinangangasiwaan ng DFSA. Ang marketing material na ito ay inilalaan lang para sa mga Retail Client.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa NZ: Ang Naaangkop na Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly NZ Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, at ino-offer lang sa mga residente ng New Zealand. Ang Remitly NZ Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, ay isang kumpanyang nakarehistro sa New Zealand (company number 8361344). Ang Remitly ay nakarehistro

sa Financial Service Providers Register (FSP number 1003229) na nagnenegosyo bilang isang money o value transfer service, at nagpapapalit ng foreign currency.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa JP: Nakarehistro ang Remitly Japan K.K. bilang Type II Funds Transfer Service Provider sa ilalim ng Payment Services Act (Kanto Local Finance Bureau No. 00077). Hindi kami isang bangko at hindi kami tumatanggap ng mga deposito. Nakarehistrong address: Otemachi Bldg 4F Otemachi 1-6-1, Chiyoda, Tokyo, 100-0004, Japan.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa ISR: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Israel (Rewire O.S.G Research and Development Ltd) ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng Israel. Ang Remitly Israel (Rewire O.S.G Research and Development Ltd), Kumpanya blg. 515193704, ay may lisensya para sa probisyon ng mga serbisyo sa pagbabayad at basic na initiation sa pagbabayad, na pinapangasiwaan ng Israel Securities Authority, at lisensya para sa probisyon ng mga basic na serbisyo sa credit (Num. ng Lisensya 63687), na pinapangasiwaan ng Capital Market, Insurance and Savings Authority.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa BRA: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Corretora de Câmbio Ltda at ino-offer lang sa mga residente ng Brazil.